Supplemental Security Income (SSI)

2008 na Edisyon

# Unawain ang SSI: Tungkol sa Pagtitiyak ng Kita at ga Pag-aari ng Magulang

***Mayroon akong anak na may kapansanan na wala pang 18 taong gulang at ako'y nagtratrabaho*.**

## Maaari bang maging kwalipikado ang aking anak para sa mga benepisyo sa SSI?

Posible. Ipinapalagay namin na ang bahagi ng iyong **kita** at **mga pag-aari** ay para sa iyong anak. Maaaring may epekto ito sa kung makakakuha ang iyong anak ng mga benepisyo sa SSI at kung magkano.

Ang proseso ng pagtitiyak na gagamitin namin upang malaman kung magkano ang iyong **kita** at **mga pag-aari** ay tinatawag na "deeming."

## Kailan umaaplay ang deeming?

Ang deeming ay umaaplay kung ang (mga) magulang ay may **kita** at/o **mga pag-aari** na dapat namin isaalang-alang.

**AT**

Ang bata ay:

- wala pang 18 taong gulang; at
- nakatira sa tahanan kasama ng kanyang tunay o nag-ampon na (mga) magulang; o
- nakatira nang malayô sa tahanan ngunit umuuwi sa ilang mga Sabado't Linggo, mga piyesta opisyal, o bakasyon at pinamamahalaan ng magulang.

## Umaaplay ba ang deeming ng kita at mga pag-aari kung ang aking asawa ay isang stepparent sa aking anak?

Oo. Isinasama ang **kita** at **mga pag-aari** ng isang stepparent.

## Isinasama ba sa deeming ang lahat ng kita at mga pag-aari?

Hindi namin isinasama sa pagtitiyak ang ilang uri ng **kita** at **mga pag-aari**.

Ang mga halimbawa ng **kita** na hindi namin isinasama sa pagtitiyak ay:

- Temporary Assistance for Needy Families (Pansamantalang Tulong para sa mga Dukhang Pamilya);
- pensiyon ng Department of Veterans Affairs;
- pangkalahatang tulong;
- mga bayad sa foster care para sa isang batang hindi kwalipikado; at
- kita na ginagamit upang magbayad ng suporta na iniutos ng hukuman.

Ang mga halimbawa ng **mga pag-aari** na hindi namin isinasama sa pagtitiyak ay:

- isang tahanan:
- mga kasangkapan;

- mga sariling kagamitan; at
- pera sa mga pondo ng pensiyon.

Isinasama namin sa pagtitiyak ang bahagi lamang ng mga uri ng **kita** o **mga pag-aari** na aming ginagamit.

## Kailan hindi umaaplay ang deeming?

Ang deeming ay humihinto sa buwan pagkatapos naging 18 taong gulang ang isang bata. Samakatuwid, ang isang batang hindi makakuha ng mga benepisyo sa SSI dahil sa deeming ay maaaring makakuha ng mga benepisyo sa SSI kapag siya'y naging 18 taong gulang.

Ang deeming ay hindi umaaplay sa ilang ibang mga sitwasyon.